ISSN: 2619-7162 (print); 2619-7189 (online)
Volume 5 | Issue 1 | June 2024 | DOI: 10.5281/zenodo.13910254

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
LEYTE NORMAL UNIVERSITY
INTEGRITY | EXCELLENCE | SERVICE
JOURNAL OF EDUCATION AND SOCIETY

RESEARCH ARTICLE
A Referred Journal

# Sosyal Midya: Lundayan sa Pagpapahayag ng Kamalayang Kultural ng mga Gen Z.

Daril Formanes
*Leyte Normal University*
daril.formanes@lnu.edu.ph

## Abstrak

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pananaliksik na ginamitan ng cross-sectional na disenyo. Ang populasyong kinuha ay mga mag-aaral ng Leyte Normal University mula una hanggang ika-apat na taon. Napili ang mga nasabing kalahok sapagkat ang mga mag-aaral na ito ay nabibilang sa Generation Z. Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng Random samplng sa pamamagitan ng Fish bowl technique upang makuha ang mga datos sa pamamagitan ng structured survey questionnaire. Slovin Formula ang ginamit ng mga mananaliksik upang matukoy ang bilang ng sampol ng mga naging respondente. Ang mga datos ay sinuri gamit ang weighted mean at Five-point Likert Scale para sa ikatlong layunin. Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nagpapakita na ang sosyal midya ay maaaring maging instrumento para sa generation Z sa kanilang pananaw, ideya at hinuha patungkol sa kanilang mga kultural na pagpapahayag lalo na sa mga kulturang waray. Kaya, iminumungkahi ng pananaliksik na ito na ipagpatuloy ang pagsasaliksik ng mga pag-aaral tungkol sa paggamit ng sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural upang matuklasan ang positibo at negatibong epekto nito.

**Mga Susing Salita:** *Paggamit ng Sosyal Midya, Lundayan, Kamalayang Kultural, Gen Z*

---

## Introduksiyon

### Saligan ng Pag-aaral

Sa pang-araw-araw na pamumuhay, maraming naidudulot ang makabagong teknolohiya sa panahong ito. Ang sosyal midya ang naging produkto ng makabagong panahon. Hindi maikakailang hinaplos nito ang pang-araw-araw na pamumuhay ng mga tao. Ito ay lubos na nakaaapekto sa ating mga kultural na kasanayan sa parehong positibo at negatibong paraan.

Ayon kay Amurthalingam (2022), walumpu't apat na porsiyento (84%) ng kabuoang populasyon ng Pilipinas ay mayroong social media account na nangangahulugang ito ay mayroong 92.05 milyong mga gumagamit ng social media na kumakalat sa buong bansa.

Mas humaba ang oras na inilalaan ng kabataan sa kasalukuyang panahon sa paggamit ng social media tulad na lamang ng facebook, twitter, Instagram, at marami pang iba. Pati ang paglalaro ng mga online games na malayo sa naging buhay ng nakaraang mga henerasyon at mas pinipili na igugol ang kanilang oras sa paggamit ng internet kaysa paglilibang. Nag-iba na rin ang kinagawian na pagpunta sa silid-

***Corresponding Author:** Daryl Formanes*
*Leyte Normal University*

*Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.*

ISSN: 2619-7162 (print); 2619-7189 (online)
Volume 5 | Issue 1 | June 2024 | DOI: 10.5281/zenodo.13910254


aklatan upang sumipi ng mga takdang-aralin, ngayon isang pindot lang ay maaari nang maakses ang iba't ibang sites na mapagkukunan ng takdang aralin. Nakalulungkot isipin dahil sa social media ay nag-iba ang kaugalian ng mga kabataan, nangingibabaw ang masama at negatibong epekto na dulot ng social media sa ating kabataan (Faedler, 2007).

Samantala, binigyang-diin naman nina Goddard at Greesin (2011) na ang sosyal midya ang pangunahing dahilan ng pagbaba ng kakayahang sosyal ng tao. Dahil sa labis na oras ng paggamit ng sosyal midya ay nawawalan na ng oras upang makisalamuha dahil na rin sa patuloy na paglago ng teknolohiya at sosyal midya. Ganito rin ang sinabi ni Nile (2000) na dahil sa sosyal midya nawawalan ng oras na lumabas at makisalamuha ang mga tao dahil sa mas pinipili na bigyang-pansin at oras ang pagtutok sa mga social media sites.

Sa kabilang dako, ang sosyal midya ay mayroon ding maraming positibong dulot. Ang social media ay nagpapataas ng mga koneksyon sa pagitan ng mga tao at lumikha ng isang kapaligiran kung saan maaari mong ibahagi ang iyong mga opinyon, mga larawan at pagbabahagi sa mga kultura sa iba't ibang larangan ng buhay na pang-akademiko, espirituwal na mga materyales at tungkol sa buhay sa pangkalahatan.

Ganoon pa man, binigyang-diin sa pag-aaral ni Rosen (2010) na pinalalakas ng sosyal midya ang aspekto ng kultura sa pagbibigay importansiya sa pakikipag-ugnayan. Pinapatunayan na ito dati pa sa mga naging sikat na paraan ng komunikasyon gaya ng pagtetext, pakikipagtalastasan sa mga online forums at pagtatambay sa Friendster. Ngayon naman ay laman ang mga Pilipino lalo na ang kabataan sa Instagram, Twitter, Facebook, Youtube, at iba pang social media platforms, kung kaya't hindi nakapagtataka at di nakakagulat na napakataas ng porsyento ng mga onlayn sa social networks.

Ang mga sosyal midya katulad ng Facebook ay nagiging isang mabisang daan upang madaling makapagpahayag ang mga tao ng kanilang mga damdamin, opinyon, at persepsiyon sa iba't ibang bagay. Napapadali rin ang paraan ng pangangalap ng impormasyon ng mga kabataan satungkol sa kultura dulot ng sosyal midya (Abainza, 2014).

Kaugnay nito, ang mga kulturang Waray ay unti-unti nang nakikilala sa panahon ngayon dahil sa sosyal midya. Ang mga Waray-Waray ay madalas na ma-stereotype bilang matatapang na mandirigma, gaya ng popular na parirala, "Basta ang Waray, hindi uuroong sa labanan". Karamihan sa mga negatibong konotasyon ng stereotype na ito ay naglalarawan sa mga Waray bilang marahas at walang katuturan.

Ayon kay Daza (2022), ang Waray-Waray ay isa sa mga lalawigan na may mayamang kultura. Ang mga ito ay unti-unti nang sumisibol dahil sa pagbabahagi nito sa mga social media sites. Kagaya ng pag u-upload ng mga bidyo tulad ng Kuratsa na nangangahulugang panliligaw kung saan ang lalaki ay lumalapit at nanliligaw sa isang babae sa anyo ng isang sayaw, at ang mga galaw nito ay talagang ginagaya mula sa mga kilos ng isang tandang at isang inahin.

***Corresponding Author:** *Daryl Formanes*
*Leyte Normal University*

*Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.*

Kaya naman, batay sa mga pag-aaral na inilahad, ang pananaliksik ay nakatuon sa pagtuklas sa kalagayan ng kultura ng mga Waraynon sa panahon ng Gen Z, alinsunod sa paggamit ng sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural sa mga Gen Z. Bilang karagdagan, inirerekomenda ang muling pagsagawa ng pag-aaral hinggil sa paggamit ng sosyal midya sa pagpapahayag ng kamalayang kultural ng mga Gen Z. Makatutulong ang pananaliksik na ito na makapagbigay ng mga panibagong datos o literatura sa mga kaugnay na pag-aaral.

## Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matuklasan ang sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural ng mga Gen Z.

Tinitiyak sa pag-aaral na masagot ang sumusunod:

1. *Demographic Profile* ng mga mag-aaral na nabibilang sa Gen Z ang madalas gumamit ng sosyal midya sa pagpapahayag ng kamalayang kultural partikular na sa kulturang Waray.
   - 1.1 Kasarian
   - 1.2 Edad
   - 1.3 Etnesidad
   - 1.4 Civil Status
2. Ano-ano ang mga sosyal midya karaniwang ginagamit ng mga Gen Z.
3. Ano-ano ang mga kultural na pagpapahayag ang nakikita sa paggamit ng sosyal midya ng mga Gen Z.

## Saligang Teoretikal

Sa bahaging ito ay nakalahad ang mga teoryang ginamit sa pag-aaral na ito. Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa teoryang Cultural Evolution Theory at Theory of Generations.

Naging batayan sa pag-aaral na ito ang teoryang Cultural Evolution Theory (Mesoudi, 2012), ang ideya na ang pagbabago sa kultura ng tao, ibig sabihin, mga pagbabago sa mga paniniwala, kaalaman, kaugalian, kasanayan, ugali, wika, at iba pa. Maaari itong ilarawan bilang isang Darwinian evolutionary process na katulad sa mga pangunahing aspekto sa biological/genetic evolution. Maiuugnay ang teoryang ito sa pananaliksik sapagkat ang cultural evolution theory ay isang teoryang tumatalakay sa pagbabago ng kultura sa paglipas ng panahon dahil sa iba't ibang aspekto.

Pinagbatayan rin sa pag-aaral na ito ang teoryang Critical Theory (Nikerson, 2022) na isang teoryang panlipunan na naglalayong punahin at baguhin ang lipunan sa kabuuan. Ang teoryang ito ay maiuugay rin sa pananaliksik sapagkat, sinusubukan ng critical theory na hanapin ang pinagbabatayan na mga pagpapalagay sa buhay panlipunan na pumipigil sa mga tao mula sa ganap at tunay na pag-unawa kung paano gumagana ang mundo.

Isinaalang-alang rin ang Theory of Generations (Mannheim, 1952) upang ipaliwanag kung gaano kahalaga ang makasaysayan, kultural, at pampulitika na mga kaganapan noon na tinuruan ang mga kabataan ng mga hindi pagkakapantay-

*Corresponding Author: Daryl Formanes
Leyte Normal University

Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.

ISSN: 2619-7162 (print); 2619-7189 (online)
Volume 5 | Issue 1 | June 2024 | DOI: 10.5281/zenodo.13910254
LEYTE NORMAL UNIVERSITY
JOURNAL OF EDUCATION AND SOCIETY
RESEARCH ARTICLE A Referred Journal

pantay sa lipunan. Binibigyang-diin din sateoryang ito ang mga karanasan ng mga kabataan na posibleng makaapekto sa pagbabago sa lipunan habang pinananatili ang kultura at mga tradisyong kinagisnan.

Ang mga kaalamang ito ang nag-udyok at nagsilbing batayaan na mga mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral tungkol sa Sosyal Midya: Lundayan sa Pagpapahayag ng Kamalayang Kultural ng mga Gen Z.

## Balangkas Konseptuwal

Makikita sa pag-aaral ang proseso o daloy ng pananaliksik na ito. Ang pag-aaral na ito ay nakasalig sa mga sumusunod na teorya: Ang Cultural Evolution Theory (Mesoudi, 2012) na may ideya na ang pagbabago sa kultura ng tao, ibig sabihin, mga pagbabago sa mga paniniwala, kaalaman, kaugalian, kasanayan, ugali, wika, at iba pa. Samantalang, ang teoryang Critical Theory ni Charlotte Nickerson, ito ay isang teoryang panlipunan na naglalayong punahin at baguhin ang lipunan sa kabuoan (Nickerson, 2021). Ang teoryang ito ay maiuugay rin sa pananaliksik sapagkat, sinusubukan ng critical theory na hanapin ang pinagbabatayan na mga pagpapalagay sa buhay panlipunan na pumipigil sa mga tao mula sa ganap at tunay na pag-unawa kung paano gumagana ang mundo. Kaya naman ito ay napakahalagang teorya na magagamit sa pananaliksik. Binibigyang-diin naman sa Theory of Generations (Mannheim, 1952) ang mga karanasan ng mga kabataan na nagbibigay batayan sa mga possibleng pagbabago habang pinananatili ang mga tradisyon at kultura.

Isinagawa ng mga mananaliksik ang pangangalap ng datos gamit ang sarbey upang matugunan ang layunin ng pag-aaral hinggil sa (1) Demographic Profile ng mga mag-aaral na nabibilang sa Gen Z ang madalas gumamit ng sosyal midya sa pagpapahayag ng kamalayang kultural partikular na sa kulturang Waray. 3.1 Kasarian, 3.2 Edad, 3.3 Etnesidad, 3.4 Civil Status (2) Mga karaniwang sosyal midya na ginagamit ng Gen Z (3) Mga kultural na pagpapahayag na nakikita sa paggamit ng sosyal midya ng mga Gen Z.

Isinagawa ng mga mananaliksik ang pangangalap ng datos gamit ang Structured questionaire upang matugunan ang layunin ng pag-aaral hinggil sa pananaliksik. Isinagawa ito sa pamamagitan ng talatanungang nasa anyong Google form na ipinamudmod sa mga respondente sa tulong ng Facebook at Messenger. Matapos makalap ang mga kinakailangang datos, ito ay itinala, sinuri, at binigyang-kahulugan gamit ang average, mean at weighted mean. Huling ginawa ng mga mananaliksik ang pagbibigay ng interpretasyon sa mga nakuhang datos mula sa isinagawang sarbey.

Ang balangkas konseptuwal na ito ay nagpapakita ng malinaw at matibay na batayan, tunguhin at estratehiya ng mga mananaliksik sa pagsagawa ng nasabing pag-aaral na nakasalig sa cross sectional survey design sa ilalim ng kwantitatibong pananaliksik.

## Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pagtuklas ng pag-aaral na ito ay may mga datos na makaka benepisyo sa mga taong pukos ng pag-aaral na ito, kasali ang mga sumusunod:
Sa mga Mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay

*Corresponding Author: Daryl Formanes
Leyte Normal University

Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.

mahalaga sa mga mag-aaral lalo na't sila ay nabibilang sa Gen Z. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbi ring instrumento upang mas mapalawak at mapatibay ang pundasyon ng kaalaman ng bawat isa ukol sa paggamit ng sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural ng mga Gen Z.

Sa mga Guro. Ang pag-aaral na ito ay magiging makabuluhan sa mga guro sapagkat magsisilbi itong instrumento upang mapalawak ang kaalaman sa kung papaano magagabayan ang mga mag-aaral na nabibilang sa Gen Z sa paggamit ng sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural.

Sa mga Magulang. Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga magulang sapagkat maaari itong maging daan upang matulunga't magabayaan ang kanilang mga anak sa paggamit ng sosyal midya sa pagpapahayag ng kamalayang kultural nito.

Sa Sambayanang Pilipino. Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa sambayanang Pilipino sapagkat ito ay nagsisilbing instrumento upang mapukaw ang kaalaman ng bawat Pilipino tungkol sa paggamit ng sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural ng mga kabataan na nabibilang sa Gen Z. Ito rin ay nagsisilbing gabay upang mamulat ang bawat isa lalo na ang kabataan tungkol sa kalagayan ng Kulturang Pilipino sa modernong panahon.

Sa mga susunod na mananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa mga susunod na mananaliksik sapagkat maaari itong magsilbing gabay upang makakuha ng mahahalagang impormasyon tungkol sa kanilang pag-aaral na may kaugnayan sa pananaliksik na ito.

**Depinisyon ng mga Terminolohiya**

Makikita sa bahaging ito ang mga mahahalagang terminong ginamit sa pag-aaral na ito. Binigyang-depinisyon ang mga termino sa paraang operasyunal.

**Generation Z**. Ang terminong ito ay tumutukoy sa mga kabataan na nabibilang sa modernong panahon na nakikinabang sa sosyal midya na ipinanganak na may internet sa loob ng ika-21 siglo.

**Kamalayang kultural**. Ang terminong ito ay tumutukoy bilang kamalayan at paggalang sa mga epekto at impluwensiya ng iba't -ibang kultura. Ang kamalayang kultural ay nag-iiwan ng positibong epekto sa mga tungkulin at responsibilidad ng bawat tao sa isang lipunan.

**Kultural na Pagpapahayag**. Ang terminong ito ay tumutukoy bilang paraan ng pagpapahayag ng isang mag-aaral na nabibilang sa Gen Z ng kaniyang kamalayang kultural partikular na sa mga kulturang Waray.

**Kulturang Waray**. Ang terminong ito ay tumutukoy sa mga kultura, kinagisnan at paniniwala ng mga tao sa Leyte at Samar. Karaniwang kilala ang mga ito sa tawag na kulturang Waray.

Lundayan. Nangangahulugang tuntungan at instrumento sa pagpapahayag ng isang tao hinggil sa kanyang kamalayan.

Sosyal Midya. Tumutukoy sa sistema ng pakikipag-ugnayan na ginagamit ng Generation Z upang mapanumbalik ang kamalayang kultural o tumutukoy sa

***Corresponding Author:** Daryl Formanes*
*Leyte Normal University*

*Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.*

ISSN: 2619-7162 (print); 2619-7189 (online)
Volume 5 | Issue 1 | June 2024 | DOI: 10.5281/zenodo.13910254
LEYTE NORMAL UNIVERSITY
JOURNAL OF EDUCATION AND SOCIETY
RESEARCH ARTICLE A Referred Journal

sistema ng pakikipag-ugnayan sa mga tao na kung saan sila ay lumilikha, nagbabahagi at nakikipagpalitan ng impormasyon at mga ideya sa isang virtual na komunidad.

## Metodolohiya

Sa bahaging ito ay tatalakayin ang metodolohiyang ginamit sa isinagawang pag-aaral tulad ng disenyo, lokal, at respondente ng pananaliksik gayundin ang sampling teknik, instrumento ng pananaliksik, daloy ng pangangalap ng mga datos, at ang tritment ng mga datos.

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng disenyong Quantitative Cross- Sectional Survey. Layunin nitong matuklasan ang paggamit ng sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural ng mga Gen Z. Ayon kay Mahmutovic (2021), ang Cross-Sectional Survey ay isang uri ng obserbasyonal na pananaliksik na nagsusuri ng datos sa isang partikular na punto at oras. Ang mga Cross-Sectional Survey na pag-aaral ay nagbibigay ng impormasyon ngunit hindi nakaiimpluwensya sa mga baryabol. Ang ganitong uri ng sarbey ay maaaring gamitin upang tuklasin ang mga katangian na umiiral sa mga respondente.

Naniniwala ang mga mananaliksik na ang ganitong uri ng metodolohiya ang angkop na gamitin sa pag-aaral na naglalayong matuklasan ang paggamit ng sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng Kamalayang kultural ng mga Gen Z, sapagkat mas mapadadali ang pagtuklas ng mga datos sa maraming tagatugon na may iba't ibang gulang at katangian ngunit na nabibilang sa parehong panahon

### Lokal ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa isa mga Unibersidad sa Lungsod Tacloban na kinabibilangan ng mga mag-aaral na miyembro ng Generation Z.

Saklaw ng pag-aaral na ito na matuklasan ang paggamit ng sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural ng mga Gen Z partikular sa mga kulturang Waray. Sa nasabing pamantasan din nag-aaral ang mga mananaliksik kaya naman naging madali ang pangangalap ng mga impormasyon at datos na ginamit sa pagpapatibay ng pananaliksik na ito.

### Respondente ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay kinasangkutan ng mga mag-aaral ng isang pampublikong Pamantasan sa Tacloban mula una hanggang ika-apat na taon. Napili ang mga nasabing respondente sapagkat ang mga mag-aaral na ito ay nabibilang sa Generation Z. Ayon kay McCrary (2021), karamihan sa mga mag-aaral sa kolehiyo ngayon ay miyembro ng Generation Z, a.k.a "Zoomer" bilang mga digital native na ipinanganak sa pagitan ng kalagitnaan ng 1990s at unang bahagi ng 2010s. Ang mga mag-aaral na nabibilang sa kolehiyo ngayon ay mga produkto ng tinatawag na Generation Z na may mataas na inaasahan sa teknikal na kaalaman. Kaya naman, ang mga mag-aaral ng napiling Pamantasan ang napili ng mga mananaliksik na maging respondente sa pag-aaral tungkol sa sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural ng mga Gen Z sa mga kulturang Waray.

*Corresponding Author: Daryl Formanes
Leyte Normal University

Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.

ISSN: 2619-7162 (print); 2619-7189 (online)
Volume 5 | Issue 1 | June 2024 | DOI: 10.5281/zenodo.13910254
LEYTE NORMAL UNIVERSITY
JOURNAL OF EDUCATION AND SOCIETY
RESEARCH ARTICLE A Referred Journal

**Sampling Teknik**

Sa pag-aaral na ito, mayroong isang paraan ng pagtukoy sa mga respondente ang ginamit at isinagawa ng mga mananaliksik.

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng Random sampling sa pamamagitan ng Fish bowl technique sa pagpili ng mga respondente na sumagot sa talatanungan. Sa pamamagitan ng probability sampling na random sampling, tiniyak na hindi bumaba o lumampas sa nasabing sampol ang binigyan ng sarbey ng mga mananaliksik. Ayon kay McCombes (2019), ang Random Sampling ay isang bahagi ng sampling technique kung saan ang bawat sample ay may pantay na posibilidad na mapili. Ang isang sample na pinili nang random ay sinadya upang maging isang walang pinapanigan na representasyon ng kabuoang populasyon. Sa kabilang dako, ang Fish bowl technique naman ay paraan ng pagpili ng respondente na may pantay na pagkakataong mapili at walang ibang pagsaalang-alang tulad ng personal na kagustuhan na makakaimpluwensiya sa pagpiling ito (Nikolopoulo, 2022).

Para sa layuning ito, Slovin Formula ang ginamit ng mga mananaliksik upang matukoy ang bilang ng sampol ng mga naging respondente. Ayon kay Glen (2021) ang Slovin formula ay ginagamit upang kalkulahin ang nararapat na bilang ng sampol mula sa isang populasyong sinusuri. Sa pananaliksik na ito, mula sa 7,126 na populasyon, 400 ang kabuuang bilang ng respondente ng pagaaral na kinatawan ng mga Gen Z na nag-aaral sa Leyte Normal University.

Slovin Formula:

$$n = \frac{N}{1 + Ne^2}$$

$n$ – sampol

$N$ – populasyon

- \- tinatayang datos ng kamalian (margin of error)

Ang napiling mga respondente na kinapanayam ay ibinatay sa binuong saligan o criteria na ibinatay naman sa socio-demographic profile na bahagi ng talatanungang ginamit sa sarbey. Ang mga datos na nakalap sa bahaging ito ay sinuri at inilahad sa pamamagitan ng Frequency count at weighted mean.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng nakabalangkas na talatanungan o sarbey kwestyuner sa pamamagitan ng Google Form at nilapatan ng Five Point Likert Scale bilang patunay at mapagkukunan ng datos. Siniguro ng mga mananaliksik na napalitaw ang mga layunin ng pag-aaral na ito sa pamamagitan ng paggawa ng talatanungan.

Ang talatanungan o Structured Survey questionnaire ay nahahati sa dalawang bahagi: ang checklist at ang talatanungan ukol sa paksang pinag-aaralan. Closed-Ended Questions ang nakapaloob sa talatanungan na inihanda ng mga mananaliksik sa pangangalap ng datos sapagkat ito ang naaangkop gamitin sa pag-aaral. Ayon kay Bhandari (2022), ang mga Closed-Ended Questions ay nag-aalok sa mga sumasagot ng isang nakapirming hanay ng mga pagpipiliang mapagpipilian.

***Corresponding Author:** Daryl Formanes
*Leyte Normal University*

*Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.*

ISSN: 2619-7162 (print); 2619-7189 (online)
Volume 5 | Issue 1 | June 2024 | DOI: 10.5281/zenodo.13910254
LEYTE NORMAL UNIVERSITY
JOURNAL OF EDUCATION AND SOCIETY
RESEARCH ARTICLE A Referred Journal

Ang mga closed-ended na tanong ay pinakamainam para sa pagkolekta ng data sa mga baryabol na pangkategorya o quantitative.

Sa unang bahagi ng talatanungan ay ang checklist sa pagkuha ng Demographic Profile ng mga respondente at pagpili ng mga sosyal midya na karaniwang ginagamit ng mga Gen Z. Samantalang sa ikalawang bahagi ng talatanungan ay ipinakita naman ang antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa paraan ng kultural na pagpapahayag sa paggamit ng sosyal midya ng mga Gen Z.

Ang checklist-type questions ay uri ng isang closed ended question. Inaasahan ng mga respondente na gagawa ang mga mananaliksik ng pagpipilian mula sa maraming mga opsyon na nakasaad, ang respondente ay maaaring pumili ng isa o higit pang mga opsyon depende sa tanong na itinatanong. (Bhandari, 2021)

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa paggamit ng sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural ng mga Gen Z. Matapos maaprubahan ang iminungkahing paksa, mga layunin, at instrumento ng pag-aaral, ang mga mananaliksik ay naghanda ng liham para sa paghingi ng pahintulot na may lagda para sa mga napiling respondente sa ginawang pag-aaral. Pagkatapos nito, ibinahagi ng mga mananaliksik ang talatanungan sa mga respondente.

Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng talatanungan o survey questionnaire sa mga respondente upang makalikom ng mga datos na ginamit para makagawa ng hinuha sa paglalarawan ng pag-aaral. Naglalaman ang talatanungan ng mga katanungan na makatutugon sa layunin ng pag-aaral na matuklasan ang sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural ng Gen Z.

Tiniyak ng mananaliksik na masagot ang sumusunod na katanungan (1) Ano-ano ang mga Sosyal Midya na karaniwang ginagamit ng mga Gen Z. (2) Ano-ano ang mga Kultural na Pagpapahayag ang nakikita sa paggamit ng Sosyal Midya ng mga Gen Z. (3) Demographic Profile ng mga mag-aaral na nabibilang sa Gen Z 3.1 Kasarian, 3.2 Edad, 3.3 Etnesidad 3.4 Civil Status.

**Tritment ng Datos**

Ang nakuhang datos mula sa mga respondente ay inanalisa at binigyan ng interpretasyon sa tulong ng *weighted mean* (Glen, 2021) bilang istatistikal tritment at ang *Five-point Likert Scale* ni Pimentil (2019) ang ginamit sa pagbibigay ng interpretasyon sa ikatlong layunin patungkol sa kung ano-ano ang mga kultural na pagpapahayag ang nakikita sa paggamit ng sosyal midya ng mga Gen Z.

*Weighted Mean* ang ginamit na istatistikal tritment ng mga mananaliksik sa mga datos para sa una at ikalawang layunin. Ang *weighted mean* ay isang uri ng *average* na ginagamit kapag ang bawat datos ay may iba't ibang bigat (*weight*) sa pangkalahatang *mean* kung saan ang ibang datos ay maaaring mas malaki ang maiambag na bigat kaysa sa iba (Glen, 2021). Ito ang napiling istatistikal tritment ng mga mananaliksik sapagkat gumamit ang mga ito ng talatanungang nilapatan ng *Close-Ended Questions* na nasa paraang

***Corresponding Author:** Daryl Formanes*
*Leyte Normal University*

*Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.*

ISSN: 2619-7162 (print); 2619-7189 (online)
Volume 5 | Issue 1 | June 2024 | DOI: 10.5281/zenodo.13910254
LEYTE NORMAL UNIVERSITY
JOURNAL OF EDUCATION AND SOCIETY
RESEARCH ARTICLE A Referred Journal

*Checklist Type Questions.*

Sa pamamagitan ng mga tritment na ito, natugunan ng mga mananaliksik ang mga layunin ng pag-aaral

Narito ang pormulang ginamit sa pagkuha ng *weighted mean.*

$$x = \frac{\sum wx}{\sum p}$$

Kung saan:

x - weighted mean

∑ - summation o kabuuan

v. - bilang ng tugon

w. - weight

*p* - bilang ng populasyon

**Talahanayan 1**

| Likert Scale | Interval | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1 | 1.00-1.79 | Lubos na hindi sumasang ayon |
| 2 | 1.50-1.69 | Hindi sumasang-ayon |
| 3 | 2.50-3.39 | Walang katiyakan |
| 4 | 3.40-4.19 | Sumasang-ayon |
| 5 | 4.20-5.00 | Lubos na sumasang-ayon |

*Five- Point Likert Scale Pimentil, J. (2019, Abril). Some Biases in Likert Scaling Usage and its Correction. Researchgate.* *https://www.researchgate.net/publication/332533000_Some_Biases_in_Likert_Scaling_Usage_and_its_Correction*

**Etikal na Konsiderasyon**

Ang etikal na konsiderasyon ay tumatalakay sa koleksyon ng mga prinsipyo at pagpapahalaga na nararapat isaalang-alang habang ginagawa ang isang papel pananaliksik. Ang mga pagsasaalang-alang sa etika ay nagtitiyak na walang sino man ang kumilos sa paraang nakasasama sa lipunan o isang indibidwal at pinipigilan nito ang mga mananaliksik na kumilos sa paraang nais na walang isinasaalang-alang na mga hangganan (Bhandari, 2021). Tiniyak ng mga mananaliksik ang etikal sa pagsasagawa ng pangangalap ng datos at napanatiling kumpedinsyal ang mga datos na nakalap mula sa mga respondente. Tiniyak ng mga mananaliksik na ang lahat ng tugon ng mga respondente maging ang kanilang pagkakakilanlan ay mananatiling kumpedinsyal at igugugol lamang para sa layuning mabuo at mapagtagumpayan ang isinagawang pag-aaral.

**Presentasyon at Interpretasyon ng mga Datos**

Inilahad sa kabanatang ito ang mga resulta ng nakalap na datos kaugnay sa layunin ng pag-aaral at ang isinagawang pananaliksik, pagsusuri, at pagpapakahulugan na nagbigay kasagutan sa mga suliranin.

***Demographic Profile* ng mga Respondente**

Ang unang layunin ng pananaliksik na ito ay ukol sa *Demographic Profile; (1) Kasarian (2) Edad (3) Etnesidad (4) Civil status* ng mga mag-aaral na nabibilang sa Gen Z ang madalas gumamit ng sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng

***Corresponding Author:** *Daryl Formanes*
*Leyte Normal University*

*Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.*

kamalayang kultural partikular na sa kulturang Waray. Kaugnay rito, makikita sa bahaging ito ang resulta at talakayan ng mga datos bilang tugon sa unang layunin ng pananaliksik.

**Talahanayan 2**

*Kasarian ng mga respondente*

| Kasarian ng mga respondente | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| Babae | 280 | 70% |
| Lalaki | 105 | 26.25% |
| Ikatlong Kasarian | 15 | 3.75% |
| **Kabuuan** | **400** | **100%** |

Makikita sa Talahanayan 2 ang mga tugon ng mga respondente sa *Demographic Profile* ng Layunin 1 patungkol sa kasarian ng respondente. Ang mga respondente ay binubuo ng mga kababaihan na may 280 o 70% na bilang. Samantala, 105 sa mga respondente ay mga lalaki at 15 o 3.75% ng mga lumahok ay nabibilang sa ikatlong kasarian. Nangangahulugan lamang ito, ang kasarian na bumubo sa malaking bahagdan ng mga respondente ay mga babae.

**Talahanayan 3**

*Edad ng mga respondente*

| Edad | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| 17 hanggang 22 taong gulang | 302 | 75.50% |
| 23 hanggang 27 taong gulang | 77 | 19.25% |
| 28 hanggang 33 taong gulang | 21 | 5.25% |
| **Kabuuan** | **400** | **100%** |

Sa Talahanayang ito naman makikita ang tugon sa edad ng mga respondente. Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita na ang 75.50% ng mga respondente ay may mga edad na 17 haggang 22 taong gulang. Sa kabilang dako, mayroong 77 o 19.25% ng kabuoang respondente ang may edad na 23 hanggang 27 taong gulang at mayroong 21 o 5.25% na mga respondente na ang edad ay nasa 28 hanggang 33 taong gulang. Sa kabuoan, nangangahulugan lamang na ang karamihan ng mga respondente ay nasa edad na 17 hanggang 22 taong gulang.

**Talahanayan 4**

*Etnesidad ng mga respondente*

| Etnesidad ng mga Respondente | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| Waray – Biliran | 22 | 5.50% |
| Waray – Samarnon | 105 | 26.25% |
| Waray – Lineyte | 273 | 68.25% |
| **Kabuuan** | **400** | **100%** |

Malaking bahagdan ng mga respondente ng pag-aaral ay nabibilang sa etnesidad na Waray-Lineyte kung saan 273 sa 400 na mga respondente o 68.25% na bilang ay nabibilang sa Waray-Lineyte. Samantala, ang 26.25% at 5.50% ng mga respondente ay nahahanay sa Waray-Samarnon at Waray-Biliran. Ibig sabihin, ang malaking bahagdan ng pag-aaral ay mula sa mga respondente na may etnesidad na Waray-Lineyte.

**Talahanayan 5**

*Katayuang Sibil ng mga respondente*

| Katayuang Sibil ng mga respondente | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| In a relationship | 70 | 17.50% |
| Single | 319 | 79.75% |
| Separated | 2 | 0.50% |
| Widow | 3 | 0.75% |
| Married | 6 | 1.50% |
| **Kabuuan** | **400** | **100%** |

***Corresponding Author:** Daryl Formanes*
*Leyte Normal University*

*Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.*

ISSN: 2619-7162 (print); 2619-7189 (online)
Volume 5 | Issue 1 | June 2024 | DOI: 10.5281/zenodo.13910254
LEYTE NORMAL UNIVERSITY
JOURNAL OF EDUCATION AND SOCIETY
RESEARCH ARTICLE A Referred Journal

Makikita naman sa Talahanayang ito na kabuuan na 400 na respondente sa pag-aaral, malaking porsyento ng respondente ay single na may bilang na 319 o 79.75%. Karagdagan pa rito, 70 o 17.50% ng respondente ay *in-a-relationship.* Nasa bilang na anim naman ang respondente na may asawa o kasal na. Tatlo ay *widow* at dalawa naman ang hiwalay. Nangangahulugan lamang ito na ang mga gumagamit halos ng social media ay may katayuang sibil na *single* o wala pang kabiyak.

Sa kabuoan, lumabas sa pag-aaral, ang may pinakamalaking porsyento sa kasarian ng mga respondente ay nabibilang sa mga kababaihan. Samantala, ang edad na 17 hanggang 22 taong gulang ay may 75.50% na nangangahulugang ang mga respondente na sumagot sa talahanayan ay nabibilang sa Gen Z. Ayon kay McCrary (2021), karamihan sa mga mag-aaral sa kolehiyo ngayon ay miyembro ng *Generation Z, a.k.a "Zoomer"* bilang mga digital native na ipinanganak sa pagitan ng kalagitnaan ng 1990s at unang bahagi ng 2010s.


May malaking bahagdan ang mga respondente na may etnesidad na Waray-Lineyte. Nangangahulugan lamang na ang mga respondente na nagbigay tugon sa aming talatanungan ay naninirahan sa Leyte. Sa kabilang dako, may 79.75% naman ang may katayuang sibil na single sa mga respondente ng pag-aaral.

**Sosyal Midya na Karaniwang ginagamit ng Gen Z.**

Sa bahaging ito mababatid ang sosyal midya na karaniwang ginagamit ng mga Gen Z. Sa layunin na ito, gumamit ng pigura ang mananaliksik sa paglalahad ng tugon ng mga respondente. Ang mga respondente ay pumili ng higit isa sa mga sosyal midya na kanilang karaniwang ginagamit kaya't ginamitan ito ng pigura upang malinaw na mailahad ang distribusyon ng gumagamit ng sosyal midya.

**Figyur 2**

*Sosyal midya na karaniwang ginagamit ng Gen Z*




Ang Figyur 2 sa itaas ay nagpapakita ng distribusyon ng bilang ng respondente na gumagamit ng social media platforms. Mula sa mga opsyon na ibinigay ng mga mananaliksik, 379 sa 400 na respondente ang gumagamit ng *Facebook.* Sinundan ito ng *Instagram* na may 252 na gumagamit at *TikTok* na may 241 na respondente ang gumagamit. Ilan sa pagpipilian ay ang *Google* na may 175 na gumagamit, *YouTube* na may 171 na gumagamit, sumunod ay ang 131 na mga respondente na gumagamit ng *Twitter*, 68 naman na respondente ang gumagamit ng *Telegram.* Samantala, mayroong maliit lamang na bilang ang gumagamit ng Blogs (17 na respondente) at

Kumu (20 na respondente). Ibig sabihin nito, halos lahat ng mga respondente ay gumagamit ng *Facebook* bilang *social media platform*.

*Corresponding Author: Daryl Formanes
Leyte Normal University

Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.

ISSN: 2619-7162 (print); 2619-7189 (online)
Volume 5 | Issue 1 | June 2024 | DOI: 10.5281/zenodo.13910254


Mula rito, ang datos na ito ay kahalintulad sa resulta ng Pag-aaral ni Lgdaya (2017), karamihan sa mga gumagamit ng *social media platforms* partikular na ang *Facebook* ay ang popularidad ng mga kabataan. Ang karaniwang patok at tinatangkilik ng mga kabataan ay ang sosyal midya gaya ng *Facebook, Instagram* at *Tiktok* na kung saan ito ay isang *online mobile* na may serbisyong *photo-sharing*, *video-sharing* at *social networking* na nagbibigay-pahintulot sa mga gumagamit na kumuha ng mga larawan at bidyo, at ibahagi ang mga ito sa iba't ibang plataporma ng *social networking*. Binigyang diin din sa pag-aaral ni Vergara (2014) na halos lahat ng gumagamit ng sosyal midya ay nasa gulang 14-29 na sakop ang 18.14% ng buong populasyon. Nangangahulugan lamang na ang karamihang gumagamit ng *Facebook, Instragram at Tiktok* ay nabibilang sa Generation Z.

## Kultural na Pagpapahayag sa paggamit ng Sosyal Midya ng Gen Z.

Sa bahaging ito mababatid ang antas ng pagsang-ayon ng mga respondente sa mga pahayag patungkol sa paggamit ng sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural ng mga Gen Z. Makikita sa Talahanayan 6 ang pahayag tungkol sa karaniwang pinapaskil sa mga sosyal midya. Sa talahanayan 7 naman makikita ang mga kultural na pagpapahayag na nakikita sa paggamit ng sosyal midya ng mga Gen Z.

**Talahanayan 6**

*Karaniwang Pinapaskil sa mga Sosyal Midya*

| Mga Pahayag | Mean (M) | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Ibinabahagi ko sa aking sosyal midya ang mga larawan ng mga makasaysayang lugar. | 3.87 | 1.07 | Sumasang-ayon |
| 2. Ibinabahagi ko sa aking sosyal midya ang mga magagandang pasyalan ng isang lugar | 4.04 | 0.99 | Sumasang-ayon |
| 3. Ibinabahagi ko sa aking sosyal midya ang mga *social experiment* na ginagawa ng mga *vlogger* na tumatampok sa mga kultura at paniniwala. | 3.43 | 1.24 | Sumasang-ayon |
| 4. Pagbabahagi ng mga larawan o video tungkol sa mga pagkaing Pilipino o mga tradisyonal na pagkain. | 3.85 | 1.05 | Sumasang-ayon |
| 5. Pagpopost ng mga mini vlog tungkol sa lugar na napuntahan. | 3.41 | 1.28 | Sumasang-ayon |
| 6. Pag-upload ng mga video clips sa facebook reels na nagpapakita ng mga tradisyonal na sayaw | 3.26 | 1.37 | Walang Katiyakan |
| 7. Pagsha-share ng mga documentary videos. | 3.64 | 1.17 | Sumasang-ayon |
| 8. 8. Pagpopost ng mga nauusong kasuotan o OOTD. | 3.57 | 1.21 | Sumasang-ayon |
| 9. Pagsha-share ng mga video na nagpapakita ng mga nauusong sayaw at kanta ng mga Filipino. | 3.69 | 1.13 | Sumasang-ayon |
| 10. Pagpopost ng mga magagandang lugar at tanawin ng bansa. | 3.99 | 1.08 | Sumasang-ayon |
| **WM** | **3.68** | **1.34** | **Sumasang-ayon** |

Makikita sa talahanayan sa itaas ay nagpapakita ng tugon ng mga respondente sa bawat pahayag ukol sa kalimitang pinapaskil ng mga Gen Z sa kanilang soyal midya.

Makikita rito na ang unang pahayag ay may M na 3.87. Samantala, ang SD ng unang pahayag ay 1.07 kung saan ito ay may ibig sabihin na hindi ganoon kalayo ang tugon ng mga respondente sa balyu ng M. Ito ay mayroong interpretasyon na sumasang-ayon ang respondente na ang pagbabahagi ng mga larawan at mga makasaysayang lugar sa sosyal midya ay isang paraan ng pagpapahayag ng kamalayang kultural ng mga Gen Z.

Sa kabilang dako, ang ikalawang pahayag na pagbabahagi sa sosyal midya ng magandang pasyalan ng isang lugar ay naka kuha ng M na 4.04 at ikatlong pahayag na pagbabahagi ng mga *social expirement* na ginagawa ng mga *vlogger* na tumatampok sa mga kultura at paniniwala ay nakakuha ng mean na 3.43. Pareho lamang ang balyu na nangangahulugang sumasang-ayon ang mga respondente sa ikalawa at ikatlong pahayag. Masasabi rin na ang mga tugon ay

*Corresponding Author: *Daryl Formanes*
*Leyte Normal University*
*Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.*

hindi nalalayo sa balyu ng M sapagkat ang SD ng ikalawa at ikatlong pahayag ay may balyu na 0.99 at 1.24 ayon sa pagkakasunod-sunod. Nangangahulugan na ang pagbabahagi ng mga magandang pasyalan at *vlogs* patungkol sa mga kultura at paniniwala ay karaniwang din pinapaskil ng mga Gen Z sa sosyal midya bilang pagpapahayag ng kanilang kamalayang kultural.

Sumasang-ayon pa rin ang mga respondente sa ikaapat na pahayag na pagbabahagi ng mga larawan at bidyo tungkol sa mga tradisyonal na pagkain na may *mean* na 3.85 at ikalimang pahayag na pagpopost ng *mini vlog* tungkol sa lugar na napuntahan na nakakuha ng *mean* na 3.41. Ang mga tugon ay hindi nagkakalayo-layo sa balyu ng M sapagkat ang SD ng ikaapat at ikalimang pahayag ay 1.05 at 1.28 ayon sa pagkakasunod sunod.

Ang ikaanim na pahayag na pag-upload ng mga *video clips* sa *facebook reels* na nagpapakita ng tradisyonal na sayaw ay nakakuha ng tugon na walang katiyakan mula sa mga respondente dahil sa *mean* na 3.26. Ngunit ang balyu ng SD ay 1.37 o mayroong di gaanong malaking agwat ang mga tugon sa balyu ng M. Nangangahulugan lamang na ang pagpopost ng mga *video clips* sa *Facebook reels* ng mga tradisyonal na sayaw ay hindi gaanong karaniwang pinapaskil ng Gen Z sa kanilang sosyal midya.

Dagdag pa rito, ang pagbabahagi (*Share*) ng mga *Documentary Videos*, pagpopost ng nauusong kasuotan o OOTD (Outfit of the Day), pagbabahagi ng nauusong sayaw at ng kanta ng mga Pilipino at ang pagpopost ng magagandang tanawin ng bansa ay sinang-ayunan ng mga respondente sapagkat nakakuha ito ng mga balyu ng *mean* na 3.64, 3.57, 3,69, at 3.99 ayon sa pagkakasunod-sunod. Mayroon namang balyu na SD ang ikapito, ikawalo, ikasiyam, at ikasampung pahayag na 1.17, 1.21, 1.13, at 1.08 ayon sa pagkakasunod-sunod kung saan nangangahulugan lamang na hindi nagkakalayo-layo ang agwat ng mga tugon sa balyu ng M. Ito ay may interpretasyon na ang pagshashare ng *documentary videos*, OOTD, nauusong kanta at sayaw ay karaniwang pinapaskil ng mga Gen Z sa kanilang sosyal midya.

Sa kabuuan, ang karaniwang pinapaskil ng mga respondente sa sosyal midya ay nakakuha ng *mean* na 3.68 na nangangahulugang sumasang-ayon ang mga respondente na nabibilang sa Gen Z na ang sosyal midya ay nagsisilbing lundayan ng kanilang kultural na pagpapahayag, partikular na sa mga kulturang waray.

Dagdag pa rito, mahihinuha na hindi nagkakalayo layo ang agwat ng mga tugon sa balyu ng M sapagkat ang SD ng kabuuang tugon ay 1.34.

**Talahanayan 7**

*Kultural na Pagpapahayag na nakikita sa paggamit ng sosyal midya ng mga Gen Z*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Pagbabahagi ng mga promotional video tungkol sa isang lugar. | 3.73 | 1.12 | Sumasang-ayon |
| 2. 2.Panonood ng mga video sa pagluto ng mga pagkaing Pilipino o tradisyonal na pagkain. | 4.15 | 1.01 | Sumasang-ayon |
| 3. Paggawa ng mga mini vlogs tungkol sa mga pananamit o ootd. | 3.15 | 1.30 | Walang Katiyakan |
| 4. Pag-upload ng mga video ng mga sayaw gaya ng Carinosa, Kuratsa, at Tinikling. | 3.19 | 1.37 | Walang Katiyakan |
| 5. Pagbibigay puna sa mga ekspresyong lokal. | 3.46 | 1.17 | Sumasang-ayon |
| 6. Panonood ng mga video tungkol sa iba't ibang kultura at paniniwala. | 3.93 | 1.06 | Sumasang-ayon |
| 7. Pagpo-post ng mga vidyo sa facebooks reels na nagpapakita ng pag-uugali ng mga Pilipino. | 3.38 | 1.26 | Walang Katiyakan |
| 8. Panonood sa YouTube ng mga kasaysayang mga lugar at tanawin. | 4.01 | 1.00 | Sumasang-ayon |
| 9. Sumasali sa patimpalak online Spoken poetry, Kanta, at sayaw na nagpapakita ng Pagka-Pilipino. | 3.13 | 1.43 | Walang Katiyakan |
| 10. Pagpapaskil ng mga Tula, siday, awit at iba pa sa sosyal midya. | 3.40 | 1.40 | Sumasang-ayon |
| **WM** | **3.55** | **1.31** | **Sumasang-ayon** |

***Corresponding Author:** *Daryl Formanes*
*Leyte Normal University*

*Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.*

ISSN: 2619-7162 (print); 2619-7189 (online)
Volume 5 | Issue 1 | June 2024 | DOI: 10.5281/zenodo.13910254
LEYTE NORMAL UNIVERSITY
JOURNAL OF EDUCATION AND SOCIETY
RESEARCH ARTICLE A Referred Journal

Ang talahanayan ay nagpapakita ng tugon ng mga respondente sa mga pahayag na tumutukoy sa kultural na pagpapahayag ng Gen Z sa Sosyal Midya. Makikita rito na sa unang pahayag, ang pagbabahagi ng *promotional video* tungkol sa isang lugar ay nakakuha ng pagsang-ayon ng mga respondente na may *mean* na 3.73 at SD na 1.12 na nangangahulugang hindi nagkakalayo ang mga tugon sa balyu ng M. Gayundin ang mahihinuhang intepretasyon sa ikalawang pahayag na panonood ng mga bidyu sa pagluto ng pagkaing Filipino o tradisyonal na pagkain na nakakuha ng *mean* na 4.15 at SD na 1.01.

Samantala, ang ikatlong pahayag na paggawa ng mga *mini vlogs* tungkol sa mga pananamit o OOTD (*Outfit of the Day*) at ikaapat na pahayag na pag-*upload* ng mga sayaw gaya ng Cariñosa, Kuratsa, at Tinikling ay nakakuha ng walang katiyakan na tugon mula sa mga respondente sapagkat ang balyu ng *mean* ay 3.15 at 3.19 ayon sa pagkakasunod-sunod. Dagdag pa rito, masasabi rin na ang mga tugon ay hindi ganoon kalayo sa balyu ng *mean* sapagkat ang SD ng ikatlo at ikaapat na pahayag ay 1.30 at 1.37 ayon sa pagkakasunod-sunod. Nangangahulugan lamang na ang paggawa ng *mini vlogs* tungkol sa OOTD at pag-upload ng mga kultural na sayaw ay hindi gaanong nakikita sa kultural na pagpapahayag ng Gen Z sa paggamit ng sosyal midya.

Ang ikalimang pahayag naman na pagbibigay puna sa mga ekspresyong lokal at ikaanim na pahayag na panonood ng bidyo tungkol sa iba't ibang kultura at paniniwala ay nagkamit ng balyu *mean* na 3.46 at 3.93 ayon sa pagkakasunod-sunod. Samantala, ang SD ng ikalima at ikaanim na pahayag ay nakakuha ng balyu na 1.17 at 1.06 na may ibig-sabihing hindi nagkakalayo ang tugon ng mga respondente sa balyu ng M kung saan nangangahulugan lamang ito na sumasang-ayon ang mga respondente na ang pagbibigay ng ekspresyong lokal at panonood ng bidyo tungkol sa kultura at paniniwala ay karaniwang nakikita sa kultural na pagpapahayag sa sosyal midya.

Sa kabilang dako, mahihinuha rin na ang ikapitong pahayag na pag*po-post* ng mga vidyo sa *facebook reels* na nagpapakita ng pag-uugali ng mga Pilipino at ikasiyam na pahayag pagsali sa mga patimpalak *online Spoken poetry*, kanta, at sayaw na nagpapakita ng pagka-Pilipino ay nakakuha rin ng walang katiyakan na tugon dahil ang mean nito ay 3.38 at 3.13 ayon sa pagkakasunod-sunod. Samantala, ang SD ng ikapito at ikasiyam na pahayag ay 1.26 at 1.43 base sa pagkakasunod-sunod na nangangahulugang hindi nalalayo ang mga tugon sa balyu ng M.

Ang ikawalo na pahayag ay ang panonood sa *Youtube* ng mga makasaysayang lugar at tanawin at ikasampung pahayag na pagpapaskil ng mga tula, siday, awit, at iba pa sa sosyal midya ay nakakuha ng pagsang-ayon ng mga respondente sapagkat ang balyu ng *mean* ay 3.01 at 3.40 ayon sa pagkakasunod sunod. Ang SD naman ng ikawalo at ikasampung pahayag ay 1.00 at 1.40 na nangangahulugang hindi nalalayo ang mga tugon sa balyu ng M. Ito ay may interpretasyon na ang panonood sa *Youtube* ng makasaysayang lugar at pagpapaskil ng mga tula, siday, awit at iba pa ay isang kultural na pagpapahayag ng mga Gen Z na makikita sa sosyal midya.

***Corresponding Author:** Daryl Formanes*
*Leyte Normal University*

*Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.*

ISSN: 2619-7162 (print); 2619-7189 (online)
Volume 5 | Issue 1 | June 2024 | DOI: 10.5281/zenodo.13910254
LEYTE NORMAL UNIVERSITY
JOURNAL OF EDUCATION AND SOCIETY
RESEARCH ARTICLE A Referred Journal

Sa kabuoan ang *mean* ng mga pahayag ay 3.55 na nangangahulugang sumasang-ayon ang mga respondente na ipahayag ang kanilang kultural na aspekto gamit ang sosyal midya bilang kanilang lundayan. Mayroon namang SD na 1.31 ang nahinuha mula sa talahanayan na nangangahulugan na ang mga tugon ay hindi nalalayo sa balyu ng M.

## Mga Natuklasan, Kongklusyon at Rekomendasyon

Tinalakay sa kabanatang ito ang kabuoan ng pag-aaral. Binigyang-tuon dito ang mga naging resulta sa isinagawang pag-aaral sa sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural ng Gen Z.

### Mga Natuklasan

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng disenyong quantitative Cross-Sectional Survey. Ang populasyon na kinuha ng mga mananaliksik ay mga mag-aaral ng isang unibersidad sa Lungsod Tacloban na nabibilang sa Gen Z. Gumamit ang mananaliksik ng Random sampling sa pamamagitan ng Fish bowl technique sa pagpili ng mga respondente na sasagot sa talatanungan. Sa kabuoan, ang respondente na nakuha ng mga mananaliksik ay 400 gamit ang Sloven Formula. Gumamit ng nakabalangkas na talatanungan o sarbey kwestyuner ang mananaliksik sa pamamagitan ng Google Form at nilapatan ng Five Point Likert Scale bilang patunay at mapagkukunan ng datos. Talatanungan o Structured Survey questionnaire ay ang ginamit ng mananaliksik na nahahati sa dalawang bahagi: ang checklist at ang talatanungan ukol sa paksang pinag-aaralan. Close-Ended Questions ang nakapaloob sa pangangalap ng datos sapagkat ito ang naaangkop gamitin sa pag-aaral.

Sa pagsusuri ng datos ay natuklasan na ang mga respondente sa nasabing pag-aaral ay kinabibilangan ng mga kababaihan na may 70% at may edad na 17 hanggang 22 taong gulang. Samantala, lumabas din sa pag-aaral na ang mga respondente ay nabibilang sa etnesidad na Waray- Lineyte ay may 68.25% at may katayuan sibil na single na nakakuha ng kabuuang bahagdan na 79.75%. Natuklasan din sa pag-aaral na ang Facebook, Instagram at Tiktok ang mga sosyal midya na karaniwang ginagamit ng mga Gen Z. Facebook na nakakuha ng 379 na tugon, sinundan ito ng Instagram na may 252 na gumagamit at TikTok na may 241 na respondente ang gumagamit.

Natuklasan din sa pag-aaral na ang mga nabibilang sa Gen Z ay karaniwang gumagamit ng sosyal midya partikular na ang Facebook, Instagram at Tiktok bilang lundayan ng kanilang kultural na pagpapahayag.

Batay sa mga naging resulta ng pananaliksik, ang sosyal midya ay maaaring maging instrumento para sa generation Z sa kanilang pananaw, ideya at hinuha patungkol sa kanilang mga kultural na pagpapahayag lalo na sa mga kulturang waray. Mas mapatataas ang kaalaman ng mga kabataan kung patuloy itong pagyayamanin at tatangkilikin sa pamamagitan ng paggamit ng mga midyum kagaya ng sosyal midya sa pagpapalaganap ng mga ito.

.

### Kongklusyon

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, ang sumusunod ang nabuong konklusyon.

***Corresponding Author:** Daryl Formanes*
*Leyte Normal University*

*Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.*

ISSN: 2619-7162 (print); 2619-7189 (online)
Volume 5 | Issue 1 | June 2024 | DOI: 10.5281/zenodo.13910254
LEYTE NORMAL UNIVERSITY
JOURNAL OF EDUCATION AND SOCIETY
RESEARCH ARTICLE A Referred Journal

1. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay binubuo ng mga kababaihan na may edad na 17 hanggang 22 taong gulang na may etnisidad na Waray-Lineyte at may katayuang sibil na single.

2. Lumabas sa pag-aaral na ang sosyal midya na ginagamit ng Gen Z ay ang Facebook na may pinakamalaking bahagdan na nakakuha ng 379 tugon sa 400 na respondente na sinundan ng *Instagram* at *Tiktok.*

3. Ang paggamit ng sosyal ay nagsisilbing lundayan sa pagpapahayag ng kamalayang kultural ng mga Gen Z, partikular na sa mga kulturang waray. Pagbabahagi ng mga larawan, bidyo, kasoutan, tanawin, at *documentary films* ang karaniwang pinapaskil at makikita sa pagpapahayag ng kamalayang kultural sa paggamit ng sosyal midya ng mga Gen Z.

**Rekomendasyon**

Batay sa naging resulta ng pag-aaral ang sumusunod ay na buong rekomendasyon.

1. Bumuo ng Demographic Profile upang makuha ang tamang bilang, uri at etnisidad ng bawat kalahok na sumasaklaw sa pag-aaral.

2. Magsaliksik ng mga pag-aaral kaugnay sa paggamit ng sosyal midya bilang lundayan sa pagpapahayag at pagpapa-unlad ng mga kamalayang kultural ng mga Pilipino.

3. Ang Filipino Yunit ay dapat maglunsad ng mga programa na

4. tumatalakay sa paggamit ng sosyal midya bilang instrumento sa pagpapataas ng kaalaman ng kabataan lalo na ang bagong henerasyon patungkol sa kultura ng Pilipinas.

## Bibliyograpiya

*Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1987 | GOVPH*. (n.d.). Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://tinyurl.com/543nxcab

Abainza, F. (2014). *Ako ay si Ako: Isang Pagaaral Tungkol sa Kabutihang Dulot ng Social Media. Prezi.com*. https://tinyurl.com/25r384b2

Amurthalingam, S. (2022). *Social Media Statistics in the Philippines* [2022]. Meltwater. https://www.meltwater.com/en/blog/social-media-statistics-philippines

Bhandari, P. (2021, July 15). *Questionnaire Design | Methods, Question Types & Example*s. Scribbr. https://www.scribbr.com/methodology/questionnaire/

De Cadiz, G. (2011).. *Waray's Mistaken Identity.* https://10.2139/ssrn.2485900

Gatchalian, W. (2018). *Positibo at negatibong epekto ng social media sa kabataan.* Bulgar Online. https://tinyurl.com/4zsfc67e

***Corresponding Author:** Daryl Formanes*
*Leyte Normal University*

*Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.*

ISSN: 2619-7162 (print); 2619-7189 (online)
Volume 5 | Issue 1 | June 2024 | DOI: 10.5281/zenodo.13910254
LEYTE NORMAL UNIVERSITY
JOURNAL OF EDUCATION AND SOCIETY
RESEARCH ARTICLE A Referred Journal

Glen, S. (2021, April 30). *Probability and statistics topic index. Statistics How To.* https://www.statisticshowto.com/probability-and-statistics/

Hashem, H. (2021, November 1). 13 *Positive Effects of Social Media on Our Society* Today. Kubbco. https://tinyurl.com/3kfsfk88

Marciano, M. (2020). *Negatibng Epekto Ng Social Media: Sanhi Nga Ba Ng Kalungkutan?* | the Asianparent Philippines. The Asianparent Philippines: Your Guide to Pregnancy, Baby & Raising Kids. https://tinyurl.com/hex22rtk

Mannheim, K. (1952). *The Problem of Generations*. Oxford Bibliographies. https://tinyurl.com/mr2bb9uk

Mahmutovic, J. (2021, November 16). *What is a Cross-Sectional Survey and Why Should I Use One?* SurveyLegend. https://www.surveylegend.com/survey-examples/cross-sectional-surveys/

McCrary, J. (2021, August 18). *10 Trends in the Era of Generation Z College Students.* LeadSquared. https://tinyurl.com/2s4k9jc3

McCombes, S. (2019, September 19). *Sampling Methods | Types, Techniques & Examples.* Scribbr. https://tinyurl.com/mrxmeddw

Mesoudi, A. (2016). Cultural evolution: a review of theory, findings and controversies. *Evolutionary biology*, *43*, 481-497. https://doi.org/10.1007/s11692-015-9320-0

Mwiinga, L., Ogara, S., & Chaamwe, N. (2022). The Influence of Mobile App and Media, Towards Entomophagy Awareness and Acceptability. *International Journal of Advanced Research*, *5*(1), 131-144. https://doi.org/10.37284/ijar.5.1.824

Nikolopoulou, K. (2022, July 5). *What Is Probability Sampling? | Types & Examples.* Scribbr. https://tinyurl.com/534yyjsw

Nickerson, C. (2022). *Understanding Critical Theory. Simply Psychology*. https://tinyurl.com/mr34en7t

Staff, N. A. (2022b, November 26). What Are the Positives of Social Media for Teens? *NewportAcademy*. https://www.newportacademy.com/resources/empowering-teens/positives-of-social-media/

Wright, J. (2013). *Frequency Count, Interval central.*https://tinyurl.com/5b4e7253

***Corresponding Author:** Daryl Formanes*
*Leyte Normal University*

*Copyright: ©2024 by the Authors. The Journal of Education and Society is published by Leyte Normal University, Philippines. This open-access journal operates under the Creative Commons Attribution-Noncommercial guidelines. (CC BY-NC 4.0) license.*